

Pagpunta sa korte para sa isang pagdinig tungkol sa kautusan ng pakikialam (intervention order hearing) dahil sa karahasan sa pamilya

Kung nanganganib ka ngayon, tumawag sa 000

Kung walang agarang panganib sa iyong buhay, pero sa pakiramdam mo ay hindi ka ligtas, makipag-ugnayan sa The Orange Door orangedoor.vic.gov.au

Bago ka pumunta sa korte

Ang pagpunta sa korte ay isang legal na proseso, kaya magandang ideya na kumuha ng legal na payo bago ka pumunta.

Ang Victoria Legal Aid ay nagbibigay ng libheng legal na payo para sa mga karapat-dapat na tao. Telepono 1300 792 387

Bago pumunta sa korte dapat mo ring:

- ipaalam sa korte kung kailangan mo ng tulong ng isang abogado nakatalaga sa korte (duty lawyer) sa araw ng iyong pagdinig sa korte
- ipaalam sa korte kung kailangan mo ng interpreter
- hilingin sa korte na asikasuhing makasali ka sa pamamagitan ng telepono o video conference kung hindi ka makakadalo nang personal
- ipaalam sa korte kung hindi ka makakadalo sa pagdinig
- ipaalam sa korte kung nag-aalala ka para sa iyong kaligtasan sa pagdinig. Maaaring ayusin ng korte na maghintay ka sa isang espesyal na lugar kung nag-aalala ka sa iyong kaligtasan. Ang korte ay maaari ring mag-ayos ng seguridad na makakasama mo sa

silid ng hukuman. Sa ilang mga korte, maaari kang magbigay ng ebidensya sa pamamagitan ng video link, para hindi mo na kailangang pumunta sa korte. Ito ay kailangang ayusin nang maaga.

Ang mga address at detalye ng kontak ng mga korte ng Victoria ay nakalista sa website ng Magistrates' Court of Victoria: mcv.vic.gov.au/going-court/find-court

Sa araw ng pagdinig

Planuhin na maging libre ang iskedul mo sa buong araw. Maaaring hindi kaagad pakikinggan ang iyong kaso, kaya maaaring kailangan mong maghintay ng ilang oras bago marinig ang iyong kaso.

Walang paalagaan ng mga bata (childcare) sa Magistrates' Court (Korte ng Mahistrado), kaya kung mayroon kang mga anak, kumuha ng taong titingin sa kanila. Kung ikaw ay dadalo sa korte sa pamamagitan ng telepono o video conference, tiyakin na wala kang kasamang mga bata sa silid ng hukuman kapag ikaw ay nasa korte at/o nakikipag-usap sa isang duty lawyer.

Planuhin kung paano ka pupunta sa korte. Maaaring magastos ang paradahan na malapit sa mga korte. Baka mas mabuting gumamit ka ng pampublikong sasakyan o magpahatid sa iba.

Subukang makarating nang hindi bababa sa 30 minuto bago ang oras mo sa korte.

Upang mapanatiling ligtas ang korte, lahat ay dumadaan sa security. Ito ay upang pigilang makapasok ang mga mapanganib na bagay sa korte.

Pagkatapos ng pag-iskrin ng security, pumunta ka sa court counter – tinatawag na registry – at sabihin sa kawani ng registry na naroon ka na.

Ang kawani ng registry ay maaaring magbigay sa iyo ng impormasyon, kabilang ang:

- › paano makapunta sa tamang silid ng hukuman
- › pagdirekta sa iyo sa iba pang mga serbisyo ng korte kabilang dito ang duty lawyer

Kung sa tingin mo ay hindi ka ligtas sa korte, kausapin ang guwardiya o ipaalam sa registry.

Mga bagay na dadalhin sa korte

- › anumang papeles na may kinalaman sa iyong pagdinig sa korte
- › anumang mga kautusan ng korte (court orders) na may kinalaman sa iyo o sa iyong mga anak mula sa ibang mga korte
- › ang mga pampalamig, pagkain at inumin na mabibili sa malapit ay kadalasang mahal
- › charger ng telepono
- › bote ng tubig (hindi baso)
- › isang libro o iba pang bagay na mapaglilibangan mo habang hinihintay ang iyong pagdinig

Kapag ikaw ay pumasok at umalis sa silid ng hukuman, bilang tanda ng paggalang, mangyaring yumuko sa Mahistrado.

Kapag nasa loob na ng silid ng hukuman, **huwag**:

- › kumain, uminom o ngumuya ng gum
- › magsuot ng sombrero o salamin sa araw o magsuot ng salamin sa araw na nakapatong sa iyong ulo.

Mangyaring tiyakin na ang iyong mobile phone ay naka-silent o naka-off. Kung naka-silent ang iyong telepono, mangyaring tiyaking hindi ito nagba-vibrate.

Anong suporta ang makukuha ko sa korte?

Depende kung saang korte ka naroroon. Maaaring mayroong duty lawyer sa korte, at interpreter (kung naabisuhan mo ang hukuman na kailangan mo nito).

Isang suportang manggagawa (Family Violence Applicant Practitioner) ay nasa korte rin na maaaring magbigay sa iyo ng suportang hindi pambatas.

Maaaring nais mong magsama ng kaibigan o miyembro ng pamilya para suportahan ka.

Maaari ba akong magkaroon ng interpreter sa korte?

Oo. Tawagan ang korte nang maaga kung kailangan mo ng interpreter upang tulungan ka sa iyong aplikasyon para sa isang kautusang interbensyon.

Dapat mo ring sabihin sa kawani ng registry ng korte na kailangan mo ng isang interpreter para sa iyong pagdinig sa korte.

Malugod naming tinatanggap ang mga feedback.

Tingnan ang aming website para magbahagi ng iyong feedback o reklamo: womenslegal.org.au

women's legal
service victoria

PO Box 13311 Law Courts VIC 8010

P 03 8622 0600 E admin@womenslegal.org.au



Matatagpuan ang Women's Legal Service Victoria sa mga tradisyonal na lupain ng mga taong Wurundjeri ng bansang Kulin. Kinikilala namin ang patuloy na koneksyon ng mga Aboriginal at Torres Strait Islander sa lupa, tubig at komunidad at nagbibigay-galang kami sa kanilang mga Elder noon at sa kasalukuyan. Ang soberanya ay hindi kailanman ipinaubaya.



Ang Women's Legal Service (Serbisyon Legal para sa Kababaihan) ay nakatuon sa pagbibigay ng ligtas at inklusibong suporta.